# <u>Salaysay ni Arthur S. Golong</u>

**Arthur S. Golong**, 42 taong gulang, taga Habitat for Humanity Village, Brgy. 106 Sto. Niño, Tacloban City.

*(Ang Salaysay ni Arthur S. Golong ay kinuha noong ika-5 ng Hulyo 2018 sa sa Hotel XyZ, P. Zamora St., Tacloban City, Leyte. Ang Salaysay ay kinuha ni Atty. Hasminah D. Paudac, kasama si Bb. Desiree Llanos Dee.)*

**Q1: Ano ang kasalukuyan mong ginagawa o kabuhayan?**
A1: Ako po ay Presidente ng Homeowners sa aming lugar, namamahala rin ng salon sa aming bahay, at Administrative Aid I sa tanggapan ng Vice Mayor ng Tacloban.

**Q2: Ikaw ba ay tubong Tacloban?**
A2: Dati akong taga Samar. Lumipat kami ng Tacloban noong 1986 sa kadahilanan na sa Samar kasi maraming NPA. Noong nasa Samar kami, medyo maganda ang kabuhayan namin. Kumakain naman kami ng tatlong beses sa isang araw. Kaso, magulo kasi doon dahil sa mga NPA kaya kami lumipat sa Tacloban. *Grade 4* ako noon, mga 9 *years old*. Pero nakipagsapalaran ako sa Maynila noong mga 14 *years old* ako. Naging kasambahay hanggang namasukan sa *parlor*.

**Q3: Paano mo ilalarawan ang Tacloban noon?**
A3: Maganda pa dati. Kumukuha ako ng kangkong sa may fisherman's village. Noon, parang hindi pagod ang mga tao. Marami ang fruit berries noong araw. Masagana pa. Mga *wild fruits* na pwede makain. Dati hindi rin ganoon kadalas umulan. Hindi ako nakaranas ng bagyong malalakas. *First time* talaga iyong Yolanda.

**Q4: Nasabi mong umalis ka sa Tacloban upang makipagsapalaran sa Maynila pero naranasan moa ng hagupit ng bagyong Yolanda. Kailan ka bumalik sa Tacloban?**
A4: Noong 2004 nag-*decide* ako na bumalik sa Tacloban. Naisip ko kasi na ang laki ng nagagastos ko sa Maynila. Iyong makakain ko sa isang araw, sa Tacloban dalawang beses ko kayang kainin.

**Q5: Sa iyong pagbalik, ano ang napansin mo, kung mayroon man?**
A5: Pag-uwi ko, ang laki ng pagbabago. Iyong bahay namin na mataas at *elevated* pa, pag-uwi ko pantay na ang dagat at iyong bahay naming. Inaabot na kami kapag *high tide*. Samantala noon, malayo pa ang dagat.

**Q6: Noong bumalik ka at bago humagupit ang bagyong Yolanda, kumusta naman ang iyong buhay?**
A6: Noong 2004-2010, namasukan ako sa *parlor*. Mga 2010, noong naka-ipon ako, bumili ng gamit pang *parlor* para mag-*home service*. Nakapag-pundar din ako ng sari-sari *store* sa aming bahay. Napaayos

ko ang aming bahay at nasuportahan ko ang mga magulang ko pati na ang mga kapatid at pamangkin ko.

Bago mag-Yolanda, lagpas ako sa *Step 1*.

**Q7: Ano ang *Step 1*?**

A7: Paniniwala ko kasi ganito. *Step 1,* walang-wala. *Step 2,* makabili ng bahay at may kaunting ipon. *Step 3,* wala na akong hahanapin. Bago mag-Yolanda, lagpas na ako sa *Step 1,* kumpleto sa gamit, maayos na tinutulugan. Ang pasok nang 2013 noon maganda. Magaan ang pera, madali kumita. PhP3,000 papa-rebond ng buhok. Ang tindahan ko lumago. Naka-ipon ako ng PhP50,000 at ibinili ko ng mga gamit sa bahay tulad ng *ref*, *washing machine dryer, stand fan* na dalawa, at iyong natira, ibinili ko ng kama. Kaya noong nag-Yolanda, nahirapan ako umalis ng bahay. Hindi ako umalis noong una kasi dahil sa mga *appliances* at mga naipundar ko na isang buwan ko lang na-*enjoy*.

**Q8: Maaari mo bang isalaysay kung ano ang nangyari noong Yolanda?**

A8: *November 5, Tuesday,* 60th *birthday* ng engineer na kaibigan ko. Nagi-impake kami noon kasi may *warning* na may bagyo raw na darating. Nasa gilid kasi ng dagat ang bahay namin kaya nag-*prepare* lang kami.

*November 6, Wednesday*, dinala ko ang nanay at tatay ko sa evacuation sa *Fisherman's Village Elementary School*. Ako lang ang naiwan sa bahay noong gabing iyon.

*November 7* ng gabi, bumalik ang tatay ko sa bahay at tinulungan akong ayusin ang mga *appliances* para hindi masira. Itinaas naming ang *ref*, ang *washing machine* nilagay sa mesa at itinali ng *straw*, inayos pati ang kama, iyong *electric fan* at *TV* dinala sa *evacuation center*.

*November 8* mga 4:00 ng umaga, ginising ko si tatay, nagdala ako ng dalawang damit, mga paninda ko inilagay ko sa dram at mga *margarine* na *can*. Namili ako sa tindahan ko worth PhP7,000… mga *hotdog*, bangus… kasi alam ko bebenta ito. Nag-prepare ako at pinuno ko ang *ref* ko.

Mga 5:00 ng umaga ng *November 8,* hinatid ko si tatay sa evacuation. Ayaw niya pumayag na mag-isa lang ako sa bahay. Hindi niya alam na hindi ko maiwan kasi ang bahay dahil sa mga naipundar ko.

Mga 7:00 ng umaga, nakita kong nabuwal ang malalaking puno. Doon ko nakita iyong nakikita ko sa pelikula. Unti-unting nilamong mga bahay. Natakot ako. Hindi ko akalain na ganoon pala kalakas ang bagyo. Noon ko lang naranasan ang ganoon.

**Q9: Ano ang nangyari pagkatapos?**

A9: Nagpasya na akong pumunta sa *school*, sa *evacuation*. Segundo lang binaha na kami. Iyong mga sementong pader natibag. Mga bubong na parang pumuputok o sumasabog. Nakita ko pa noon na malayo ang tubig. May isang buong saging na puno na naanod. Doon kami kumapit.

**Q10: Sino ang kasama mo noon?**

A10: 14 kami. 12 na matatanda at 2 bata. Kumapit kami sa naanod na puno ng saging. Sinabi ko na huwag kami pumadyak at magpaanod lang kami.

**Q11: Ano ang nangyari pagkatapos?**

A11: Akala namin nasa *Pacific Ocean* kami. Ang ulan, sa lakas parang babaon na sa balat mo. Parang matutusok ka. 15 hanggang 30 minuto o ilang oras siguro kami nagpalutang-lutang. May nakapa kami na dahon-dahon na akala naming mababaw na. Pero noong nakita naming iyong LEYECO *electric post*, tsaka namin napagtanto na iyong tinatapakan pala naming ay puno ng Talisay. Pumitas ako ng dahon kaya nalaman ko. Ganoon katas ang tubig.

**Q12: Sa panahong iyon, ano ang sumagi sa isip mo?**

A12: Tuloy lang. Iyong *fighting spirit* ko andoon kasi naisip ko na nasa *evacuation* naman magulang ko at okay sila, kaya sarili ko lang iniisip ko noon. Kung iniisip ko pa sila, baka nauna pa akong mamatay dahil sila ang buhay ko.

**Q13: Ano ang nangyari pagkatapos?**

A13: Patuloy kaming nagpaanod. Kasabay na namin sa paglangoy mga daga at ahas. Sila rin tuliro na. Yung mga daga kakapit pa sayo.

Sa may *clubhouse* ng Beta Bayview kami inanod. Nakita ko maraming tao nakakapit sa mga puno ng niyog, sugatan sila kasi nagpadaosdos sila pababa. Maraming patay sa *school* kung saan iyong evacuation. Mga bata at matatanda…

Noong humina na ang hangin, nagpumilit na ako pumunta doon. Nanghihina ako pumasok sa *school*. Una kong nakita ang pamangkin ko… at nakita ko na pamilya ko. Buo sila at lahat buhay. Kahit iyong *premature baby* namin na 7 *months* noon, anak ng pamangkin ko, ay buhay at pinagpapasa-pasahan. Mabuti ang napasahan ay babae at napasuso siya, napadede. Ngayon 4 *years old* na siya.

Kung ang tubig siguro ay umabot pa sa ilong, patay na sila kasi nasa kisame na sila. Pero buti hanggang sa leeg lang. Iyong mga namatay, iyon yung mga lumabas sa *school* at gusto pumunta sa mataas na lugar.

**Q14: Bumalik ba pa kayo sa tinitirhan niyo?**
A14: Noong bumalik ako sa tinitirahan namin, hindi ko na alam nasaan ang bahay namin kasi ang natira lang ay haligi na sing taas ng bote. Ang *flooring* namin nawala na.

**Q15: Paano kayo nakaraos noon?**
A15: Inipon namin mga naanod na gamit na kutsara. Nagsisikan kami sa maliit na lugar. Andoon kami nakituloy sa bahay ng kagawad. Ginawa ko madaling araw, may nagdala ng bigas na basa, nakalagay sa *barrel*. Nakakuha ako ng 3 bigas na basa at isa pang gatas na lata para sa mga bata. Binalikan ko rin iyong puno ng saging na kinapitan namin kasi may bunga iyon.

**Q16: Ano ang nagyari pagkatapos ng Yolanda?**
A16: Para makakuha ng *relief goods*, napilitan akong tumayong lider sa lugar namin. Naglista-lista na kami ng mga pangalan ng mga pamilyang naapektuhan. Narinig ko kasi na may NGO doon. Dati, Jean ang pangalan ko, pero pagkatapos ng Yolanda, ginamit ko na iyong totoong pangalan ko na Arthur kasi nga kailangan doon sa listahan.

Naglalakad-lakad ako at pag may nakita akong pila, tinatanong ko paano kami makakakuha ng *relief goods* kasi nasa dulo kami at hindi kami inaabot. Dala-dala ko iyong listahan ko na 178 *families*, 142 *households*. Makalipas ang ilang araw, may naghahanap sa akin. Doon na nagsimula.

Maraming nagpunta sa lugar namin kasi narinig nila na kumikilos ako. Lumipat ang ibang tao kasi sa lugar namin bumuhos ang *relief*. Hindi ito kusang binibigay sa amin. Hinihingi ko yan para aming lahat. Ako kauna-unahang nakahingi ng *shelter kit* para mapaayos mga bahay sa aming lugar.

**Q17: Ano ang naging epekto sa iyo ng karanasan mo sa bagyong Yolanda?**
A17: 70% ng kita ko nawala. Iyong mga kamag-anak ko na nag-aaral pa ay nahinto. Iyong iba ay nagpunta ng Bicol para lang makapag-aral. Dumanas kami ng matinding *trauma*, lalo na pag umuulan. Kailan lang ulit ako nakaligo sa dagat. Limang taon makalipas ang Yolanda. Dahil sa nangyari, kahit umapak sa dagat ayaw ko.

May mga pagkakataon din na nagkaka-*anxiety attack* ako. Hindi ko alam kung ano ang kinakatakutan ko. Dumating ang oras na para akong nababaliw. May mga *psychologists* sa Ateneo ang nagpunta sa amin. Sila ang gumamot sa akin. Hindi ko alam na ginagamot na pala ako.

**Q18: Kumusta naman ang kabuhayan niyo roon pagkatapos ng Yolanda?**

A18: Mahirap. May mga *livelihood projects* o pangkabuhayan ang binigay pero pabor lang sa mga babae o lalaki. Pag babae, *manicure* at *pedicure*. Pag lalaki, *carpentry*. Paano kaming mga LGBTQ? Kapag bakla, mapilitan sa *carpentry*? Hindi siya *inclusive*.

**Q19: Ano sa tingin mo ang sanhi ng malakas na bagyong Yolanda?**

A19: Hindi na siya natural na pangyayari lang. Bukod sa gawain ng mga tao, mga pabrikang nagbubuga ng malalaking usok, palagay ko *climate change* na rin na nadulot siguro ng mga malalaking *petroleum companies*.

**Q20: Paano mo nalaman itong *climate change* at koneksyon sa *petroleum companies*?**

A20: Sa mga trainings at seminar na naimbitahan ako. Dahil naging lider lider ako sa amin, naimbitahan ako ng mga NGOs.

**Q21: Mayroon pa po ba kayong nais sabihin bukod sa inyong nasabi na?**

A21: Para sa akin, itong mga malalaking kumpanya ng langis at petrolyo dapat gumawa ng paraan o magbigay ng alternatibo. Maraming nawawalan, maraming magsasakripisyo. Pero kung sa pangkalahatan, bakit hindi gumawa ng alternatibong solusyon? Dapat isipin nila ang kapakanan ng mga tao.

**Q22: Handa po ba kayong panumpaan ang salaysay niyong ito kung kinakailangan?**

A22: Oo.

**Arthur S. Golong**
August 14, 2018